



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Setyembre 16, 2020
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.760.0285

Ang Air District at mga miyembro ng komunidad ng Richmond-San Pablo ay naglabas ng kauna-unahan nitong plano sa pagsubaybay sa hangin

Pinapaigting ng plano ang pagsubaybay sa hangin, at tumutulong ito sa mga hindi pagkakaunawaan sa kalusugan sa Richmond-San Pablo

SAN FRANCISCO – Inilabas ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District), sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad, ang *Daan Patungo sa Malinis na Hangin (Path to Clean Air)*, isang plano sa pagsubaybay sa hangin ng komunidad ng Richmond-San Pablo – ang unang nabuo sa pamamagitan ng magkatuwang na pamumuno mula sa komunidad.

Nakipagtulungan ang Air District sa isang komite ng mga indibidwal mula sa mga tapagsaayos sa komunidad, tagapagtaguyod ng hustisya sa kapaligiran, at pangkat ng kapitbahayan pati na rin ang mga tagapagtaguyod sa edukasyon, pampublikong kalusugan, pamahalaan, at industriya sa lugar ng Richmond-San Pablo para buuin ang plano sa pagsubaybay sa hangin ng komunidad. Sa kanilang pagtutulongan, tinukoy nila ang heograpikong hangganan para sa pagsubaybay sa hangin, mga pinagmumulan ng pagpaparumi ng hangin na dapat isaalang-alang, at ang mga layunin sa pagsubaybay sa hangin. Kasama sa pinag-aaralang lugar sa pagsubaybay sa hangin ang Richmond, San Pablo, North Richmond, Montalvin, mga bahagi ng Tara Hills, El Sobrante, at Richmond Annex.

“Dahil sa pagtira malipit sa mga pangunahing pinagmumulan ng pagpaparumi sa hangin, noon pa man ay nakaranas na ang mga residente sa Richmond-San Pablo ng napakalubha at matinding banta sa kalusugan,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang plano sa pagsubaybay sa hangin ng komunidad na ito ay magbibigay ng mahalagang impormasyon sa Air District at sa komunidad, habang nagtutulongan tayo para mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan at kalidad ng hangin.”

Ang plano ay isang resulta ng batas ng estado AB 617, na nag-aatas sa pagbabawas ng mga antas ng pagpaparumi ng hangin sa mga piling komunidad na may mas mataas sa average na mga banta sa pagpaparumi sa hangin.

Ang humigit-kumulang 150,000 residente ng Richmond-San Pablo ay regular na nalalantad sa mga emisyon mula sa isang mataas na densidad na pinagmumulan ng pagpaparumi ng hangin na malapit sa kanilang mga bahay, kung saan kasama ang mga malaking industriyal na pasilidad, freeway, rail

yard, pandagat na piyer, at maraming maliliit na pinagmumulan. Ang mga taong nakatira sa lugar ng Richmond-San Pablo ay mas nakakaranas ng mga pagbisita sa emergency room dahil sa hika, mas mataas na antas ng sakit sa puso, mas mataas na antas ng kawalan ng trabaho, mas mababang natatapos sa pag-aaral, mas mataas na problema sa gastos sa pabahay, at mas maikling haba ng buhay kumpara sa iba pang lugar ng Contra Costa County.

"Sa pamamagitan ng plano sa pagsubaybay, malalaman ng komunidad kung saan, bakit, at paano naapektuhan ang ating komunidad ng mga pinagmumulan ng polusyon at makabuo ng plano para matiyak na ang Richmond/San Pablo ay mayroong malusog at malinis na hangin para sa mga henerasyon sa hinaharap," ayon kay Randy Joseph, Residente at Katuwang na Pinuno ng Komunidad ng Richmond/San Pablo.

Iniiimbihan ang mga miyembro ng publiko na i-download at suriin ang plano sa webpage sa ibaba: <https://bit.ly/35zPc5c>.

Puwedeng i-email ang mga tanong sa AB617info@baaqmd.gov.

Sa pagtatapos ng Plano sa Pagsubaybay sa Hangin ng Komunidad ng Richmond-San Pablo, magbibigay ang Air District ng mga regular na update tungkol sa patuloy na pagsubaybay at mga resulta. Ang impormasyon ay gagabay sa Plano sa Pagbabawas ng Emisyon ng Komunidad, pati na rin ng iba pang kasalukuyang pagsisikap sa pagpapahusay ng kalidad ng hangin na hindi kasama sa proseso ng AB 617.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)